

Wikang Katutubo: Tanghal ng Yaman at Kalinangang Katutubo

ni Patrocinio V. Villafuerte
Dangal ng Panitikan 2020, KWF

Importante ang wikang kinagisnan, o unang wika, o wikang sinuso, sapagkat sa pamamagitan ng wikang ito nagsisimula ang pagkatuto ng bata. Dito rin nakabatay ang pag-unlad ng kaniyang kaalaman.

-Dr. Ricardo Ma. Duran Nolasco

MOTHER TONGUE ni PAT V. VILLAFUERTE

Unang wika'y ginagamit
sa alinmang paaralan
Bawat rehiyon, bawat lungsod,
bawat lugar sa 'ting bayan;

Tawag dito nang marami'y
dayalektong natutuhan
Kayat sa 'ming paaralan
ito'y gamit na patnubay.

Ilocano'y ginagamit
sa Region One at Region Two,
Sa Region Three'y halo-halo,
may Tagalog, Ilocano;

Capampangan ay gamit din
kaya't ako'y nalilito,
Wikang gamit halo-halo
ano na'ng gagamitin ko?

Region Four-A CALABARZON,
ang mother Tongue ay Tagalog,
Cavite, Laguna, Rizal,
Batangas, Quezon naluklok;

Region Four-B MIMAROPA
Tagalog din itong handog,
Ang Mindoro, Marinduque,
Romblon, Palawan ang sakop.

Sa NCR ay Tagalog
ginagamit na Mother Tongue,
Munisipalidad, lungsod
sa gamit di nagkukulang;

Sa barangay, munisipyo
at sa mga paaralan,
Ginagamit ay Tagalog,
kilala sa ating bayan.

Sa tuwing mapag-uusapan at magbabalangkas ng pananaliksik sa wikang Filipino bilang wikang pambansa, hindi nakaliligtaang banggitin ang pinagmulan nito, ang kawing-kawing na mga kautusan, alituntunin at batas na ipinatutupad sa mga paaralan at kolehiyong publiko at pribado, ang balidasyon ng mga pagsusulit at pagtataya sa una at pangalawang wika, ang restriksiyon sa makatarungang panghihiram at pagsasalin, ang inkonsistensing ortograpiya, ang may bahid-politikang isyu sa pagtatanggal ng Filipino at panitikan sa antas tersyarya, at ang masalimuot at walang kamatayang usapin sa pagsulpot ng anggulong istandardisasyon, elaborasyon, modernisasyon at intelektuwalisasyon.

Kung babalikan at sasaliksikin ang lingguwistikong kasaysayan, maraming antropologo at lingguwistikong mananaliksik ang nagpatunay na ang ating wika ay nagmula sa malaking angkang Malayo Polinesyo. Kabilang dito ang diyalekto ng Camorro sa Guam, Malay ng

Sumatra, Malaya, Borneo, Bali, Makasar at Celebes, Micronesia, Polyneia, Melanesyo at ang malaking wikain sa Pilipinas.

Hindi isang napakalaking tanong ang naiwan sa atin kung saan nagmula ang wika. Ang naging punto de bista ng nakararaming mamamayang Pilipino ay ang naiwang gintong kaisipan at damdaming naging pundasyon ng ating katalinuhan na nagpunla, sumibol at umani ng maraming hamon at pagsubok upang mapanatili hanggang ngayon ang matatag na pagyakap sa kulturang pinuhunan ng dugo at luha.

Ang Pilipinas ay kabilang sa pamilyang Austronesian o Malayo Polynesian na sumasaklaw sa maraming wika na matatagpuan sa mga bansang nasa Timog Silangang Asia gaya ng Indonesia at Malaysia. Dahil dito, hindi maiwawaglit sa isipan na sa naganap na migrasyon ng magkakaibang lahi ay lumaganap ang interogasyon sa iba't ibang gamit ng mala-kolonyal na wika, kabilang ang wikang pambansa na hanggang sa panahon ng pandemya ay kinakasangkapan ang kolonyal na burukrasya sa paggamit ng wika. Ganito ang naging pananaw ng ilang mga eksperto sa wika, na hindi maitatwang ang wikang buhay, tulad ng wikang Filipino ay taglay ang konseptong di pa rin makapagsarili sapagkat naiimpluwensiyahan pa rin ng dayuhang wika, hanggang sa panahong may *covid-19* pandemya at sa panahong naisabatas ang Anti-Terrorism Law noong Hulyo 3, 2020.

Batay sa dami at porsiyento ng populasyon sa Pilipinas na gumagamit ng Filipino, itinuturing na mga pangunahing wika ang Tagalog, Cebuano, Ilocano, Pangasinan, Bicol, Hiligaynon, Waray o Samar-Leyte, Capampangan, Maranao at Maguindanaon. Ayon nga kay Jose Laderas Santos (2010), dating tagapangulo ng Komisyon sa Wikang Filipino:

Walang pasubali ang wikang puso at kaluluwa ng

Pilipinas ay isang katutubong wika na pagkakakilanlan at hindi wikang dayuhan na pinagsumikapan ng mga banyaga na paghariin sa Pilipinas.

Karangalan na ang mga Pilipino ay nakapagsasalita ng higit sa dalawang katutubong wika mula sa 176 na buhay na buhay na mga wika sa bansa.

Diyalekto naman kung ituring ang anyo ng wikang ginagamit sa partikular na rehiyon, lalawigan o saan mang lugar sa bansa. Ang ilang mananaliksik na maaalam sa pagdukal ng karunungan sa larangan ng pananaliksik-wika ay itinuturing itong pangkat ng wika na maaaring pumapangkat sa malaki o maliit na pamilya ng wika. Madaling matukoy ang diyalekto ng isang tagapagsalita ng wika dahil ang balidasyong magaganap dito ay ang kaniyang kakaibang tunog, bigkas at gramatika. Sa ilang naisagawang pananaliksik ay napatunayang may mga diyalekto sa Pilipinas na magkakapareho ang anyo at kahulugan sa ibang wika sa bansa. Dito lubhang mapatutunayang may kapangyarihang taglay ang wika na ayon kay Gonzalvo (2011) ay taglay ng pag-uugali o gawi na nakasalalay sa wika. Dahil dito, predeterminasyong masasabing repleksiyon ng wika ang kabuuan ng isang kultura. Matutuklasan sa taong nagsasalita ang kulturang pinagmulan.

Ito ang tinutukoy ni Alonzo (2002) na ang bawat wika ay may sariling hango o natural na kakanyahan. Ito'y pagpapatunay na ang bawat tao ay may sariling balwarte sa mga salitang kaniyang natutuhan at patuloy na ginagamit.

Ang pagkakaroon ng maraming pulo sa Pilipinas ay pagpapatunay na salik sa aspekto ng kasaysayan at pamumuhay ng sambayanang Pilipino. Dahil sa pagkakahiwa-hiwalay ng mga

pulo, naging hadlang ito sa pagkakaroon ng mabilis na ugnayan ng komunikasyon ng mga mamayang naninirahan dito. Ito rin ang pagpapatunay kung bakit may malaking pagkakaiba sa pag-uugali at uri ng pamumuhay ng mga taong naninirahan dito.

Hindi maikukubling ang rehiyonalisasyon sa wika ay malaking salik sa pagkakaiba at di pagkakaunawaan ng mga mamamayan. Tahasang masasabi na ang mga unang tao sa Pilipinas ay hindi nakapagtatag ng isang buong bansang may pagkakaisa at pagkakaunawaan ang mga mamamayan dahil sila'y nahati sa magkakaibang tribu na ang bawat isang tribu ay may kakaibang kamalayang sosyo-politikal. Sa Lanao del Norte at Lanao del sur at sa ilang bahaging katimugan ng ating bansa ay matatagpuan ang wikang Maranao at wikang ginagamit sa lalawigan ng Sabah, Malaysia. Ginagamit naman ang wikang Maguindanaon sa Datu Sinsuat, Sultan Kudarat, Kabacan North Cotabato, Parang Maguindanao, Midsayap North Cotabato, Nuro Upi, Maguindanao na kabilang lahat sa Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao (BARMM).

Ang isang napakagandang kulturang ipinamana ng sinaunang mamamayan ng Maguindanao sa mga taong naninirahan dito ay ang kanilang taos-pusong pagbati nang may may ngiti sa taong nakakasalubong, gamit ang katutubong wikang Maguindanaon tulad ng *N' nebetad nagka?* (Kumusta ka na po?), *Endaw ka pebpawang?* (Saan ka pupunta?). Hindi rin nila nakalilimutang magpasalamat sa anumang bagay o tulong na naibigay ng kanilang kausap gamit ang katutubong wika, *shukran* (salamat) o *shukran a benal* (maraming salamat).

Kaiba ito kung ang pinasasalamatan nila ay si Allah dahil gamit nila ang *Alhamdulillah* (Salamat Allah).

Ang sosyo-lingguwistikong teorya na nagmula sa paghihinuha na ang wika ay panlipunang gamit at ang pagbigkas ng wika ay pang-indibiduwal na gamit lamang. Kaalinsabay nito ang pagsasabi ng mga eksperto sa wika na sa maayos na sosyedad, ang buhay at ang lipunan ay nabubuo lamang dahil sa pagtutulungan ng mga taong nananahan sa isang pook o lokalidad na may kani-kaniyang piguratibong adbokasiyang ginagampanan. Mga taong sa isang komunidad ay gumagamit ng katutubong wika.

Samantala, Iwatan ang katutubong wika sa Batanes at wikang Zambal sa Zambales. May wikang Kinaray-A sa kabisayaan. May wikang Aklanon ang Aklan, Butuanon ang Butuan, Kamayo ang Surigao Sur, Capiznon ang Capiz, Mabateno ang Masbate, Rombloan ang Romblon, at iba pa.

Umaabot sa 176 ang mga wika sa Pilipinas ngunit 172 na lamang ngayon dahil apat sa mga wikang ito ang namatay na - ang Agtang Dicamay, Agta ng Villa Viciosa, ang Ayta ng Tayabas at Katabaga.

Lubhang napakaraming katutubong wika na ginagamit sa buong kapuluan. May magkakahawig sa tunog at estruktura.

Sa isang katutubong Capampangan, malimit niyang magamit ang salitang **ne** sa

pagtatapos ng kaniyang pangungusap (*Manyaman*, 'ne?') samantalang **ye** ang malimit marinig sa nagsasalitang tubong Nueva Ecija, (*Eka nga, ganire ba ye?*). Ang mga salitang *cabalen* (kababayan), *masanting / malago* (maganda) ay wikang gamit ng mga Capampangan sa Tarlac at Pampanga, gayundin sa ilang kalapit na lalawigan. Ang mga salitang *bagting* (banderitas), *kumon* (kasilyas), *bisita* (simbahan), *mag-uurong* (maguhugas ng pinggan), at *mananabe* (maglalabas ng dumi) ay sa ilang mga bayan sa Nueva Ecija lamang maririnig. Ang *maupay* ay pagbati ng Waray, ang *Ngen e b'tad nengka* ay pagbating *Kumusta ka?* sa Maguindanao. Ang *bangkukang* (ipis), *mansanitas* (caimito) at *sayabang* (salagubang) ay sa lehitimong taal na taga - Lucban Quezon lamang ginagamit. Ang salitang *katarungan* sa Tagalog ay nagmula sa salitang-ugat na *tarong* ng Binisaya. Sa Ilocano, ang katarungan ay *kinalinteg* na nagmula sa salitang-ugat na *linteg*.

May mga katutubong salita na hindi na gaanong nagagamit gaya ng *kaean-an* (mesa), *tueog-unan* (kaldero) at *saeag* (balde) ng Aklanon. Sa diyalektong Aklanon, madalas na hindi nagtatagtag ng tunog o letrang L ang mga salita gaya ng *baeay* (bahay) na nagiging *balay* sa Hiligaynon, ang *hambae* (*sabi*) ay *sabi* ay nagiging *hambal* sa Hiligaynon at ang *kasae* ay nagiging *kasal*.

Ilocano ang wikang gamit ng mga Ibanag, Gaddang, Itawis, Yogada at Isuego. Capampangan at Ilocano ang pangunahing gamit na wika sa Tarlac at Pampanga. Tagalog, Capampangan at Zambal naman ang gamit ng mga taga-Gitnang Luzon, Ngunit sa Metro

Manila, Calabarzon at Mimaropa, kabilang ang mga taga-Bulacan, Nueva Ecija, Bataan at Aurora ng Rehiyon III ay patuloy ang paggamit ng iba't ibang bersiyon ng Tagalog.

Sa mga nabanggit na ilang halimbawa, mapatutunayang totoo ang konsepto ni Sapir (1949) na ang pagkakaroon ng isang wika ay isang patunay ng pagkabuo sa indibiduwal na tagapagsalita ng naturang wika. Sinang-ayunan ito ni Saussure (1915) na aniya'y hindi nabuo ang wika ng sinumang gumagamit nito sapagkat umiiral lamang sa loob ng isang konteksto. Kaugnay nito, ang Maguindanaon ay isang diyalektong ginagamit sa lalawigan ng Maguindanao, Cotabato City at Timosilaya ng Lake Buluan. Ang dramatikong karakter ng taga-Maguindanao ay ang kakayahang magpahayag ng kaniyang kaisipan at saloobin sa harap ng kaniyang kausap gamit ang katutubong wika.

Ang wika ay napakahalagang kasangkapan sa buhay ng tao. Ginagamit ito sa pagkamit ng karunungan, sa kanyang pakikipag-ugnayan sa iba pang wika. Naipahahayag ng tao ang kanyang nararamdaman, naiisip at ang mga bagay na nais niyang ipahayag.

Nang dumating ang mga Kastila sa Pilipinas, dinatnan na nila ang ating mga katutubo na may sariling kultura at may wika nang sinasalita. Sila ang salinlahi ng mga nandayuhan mula sa Malaysia at Indonesia. Ang wika ay labis na nakakaapekto sa kultura ng isang lipunan. Kung kaya't masasabing ang pagbabagong nagaganap sa isang kultura ay nakatugon rin sa pagbabago ng wika ng isang sambayanan. Gayunman, ang wika ay nagbabago sa iba't ibang kadahilanan. Bukod sa kultura ay saklaw rin ng pagbabago ng wika ang sosyal, ekonomiya, at ang sitwasyong

politikal. Nakatala sa kasaysayan ang pagbabago ng wika ay naapektuhan rin ng pagsakop, kolonyalisasyon, at ang paglipat ng isang pangkat etniko sa isang lugar.

Sa 300 wika at diyalekto, sampungng wika ang pangunhing ginagamit: Tagalog, Cebuano, Hiligaynon, Samar-Leyte, Bikol, Pampango, Pangasinan, Ilocano, Maranao at Maguindanao. Ang Tagalog ang may pinakamaraming bilang ng nagsasalita. Ito ang wika sa Metro Manila, Bataan, Batangas, Bulacan, Cavite, Laguna, Mindoro, Marinduque, Nueva Ecija, Quezon, Tarlac at Rizal. Ginagamit naman ang Tagalog bilang *lingua franca* sa Lungsod ng Baguio, Dagupan, Naga, Tacloban, at Iloilo. Kilala rin ito sa tawag na *Tagal*, *Tagalo*, at *Tagala* noong unang panahon.

Ang Cebuano ay pumapangalawa sa Tagalog kung wikang ginagamit sa tahanan ang pag-uusapan. Ngunit nakalalamang ito nang kaunti sa Tagalog kung ang pag-uuspan ay unang wikang natutuhan. Ang Cebuano ay kilala rin sa *Cebu*, *Sebuano*, *Sugbuanon* at *Sibuhanon*. Ginagamit ito sa Cebu, Agusan, Bohol, Bukidnon, Davao, Lanao del Norte, Surigao, Negros Oriental, Misamis Oriental, Misamis Occidental, Leyte, Zamboanga del Sur at ilang bayan sa Cotobato. Ang Hiligaynon ay wikang ginagamit sa Iloilo, Capiz, Negros Occidental, Romblon, at ilang bahagi ng Cotobato at Mindoro. Kilala rin sa tawag na *Ilonggo*, *Hiligan*, at *Panayan* kasama na ang *Aklanon* at *Kiniray-a*.

Ang Samar-Leyte ay lalong kilala sa tawag na *Waray* at sinasalita sa Samar at Leyte. Tinatatwag din itong *Leytean* at *Samaron*.

Ang Bikol na kilala sa baybay na *Bikol* o *Vicol* ay wika ng Bikol Peninsula na

kumakatawan sa Albay, Camarines Sur, Sorsogon at Catanduanes. Sinasalita na rin ito sa ilang bayan sa Masbate.

Ang Pampango ay ginagamit sa lalawigan ng Pampanga at ilang bayan ng Tarlac, gaya ng Bamban, Capas, Concepcion, at Tarlac, at ilang bayan ng Bataan tulad ng Dinalupihan at Hermosa. Kilala rin ito sa tawag na *Capampangan, Pampanga, at Pampangan*.

Ang Pangasinan ay sinasalita sa mga lalawigan ng Gitnang Pangasinan at Lungsod ng San Carlos at Dagupan. Ang mga taong nagsasalita nito ay kumakatawan sa 2.3% ng populasyon ng Pilipinas.

Ang Ilocano naman ay wika ng Hilagang Luzon. Kabilang ang Ilocos Norte, Ilocos Sur, La Union, Abra at Mountain Provinces. Sinasalita rin ito sa Tarlac, Pangasinan, Nueva Viscaya, Cagayan, Zambales at sa ilang bayan ng Mindoro at Cotobato dahil sa pandarayuhan ng mga Ilocano. Kinakatawan nito ang 11.3% ng populasyon at kinikilala rin sa tawag na *Ilokano, Ilokan, Iloko, o Iloco*.

Sa ginawang pag-aaral ng *Linguistic Society of America* ay may tatlong aspeto ng pagbabago ng wika ang nagaganap: bokabularyo, estruktura ng pangungusap at paraan ng pagbigkas. Ang bokabularyo ay mabilis na nagbabago tuwing tayo ay nakikipagtalastasan. Dahil sa pakikipag-usap hindi natin naiiwasan ang manghiram ng salita dahil dito ay bumubuo tayo ng panibagong salita. Habang ang estruktura ng pangungusap at pagbigkas ay nagbabago depende sa kinabibilangang pangkat etniko.

Naitala na sa maraming naisagawang pag-aaral na ang Filipino ay ang katutubong wika na ginagamit sa buong Pilipinas bilang wika ng komunikasyon ng mga etnikong grupo. Katulad ng iba pang wikang buhay, ang Filipino ay dumaraan sa proseso ng paglinang sa pamamagitan ng mga panghihiram sa mga wika ng Pilipinas at mga katutubong wika at sa ebolusyon ng iba't ibang barayti ng wika para sa iba't ibang sitwasyon sa mga nagsasalita nito na may iba't ibang sanligang sosyal, at para sa mga paksa ng talakayan at iskolarling pagpapahayag.

May pagbabagong nagaganap sa wika dahil sa mga kaugalian at pamantayang panlipunan gaya ng pagkukusang isang tao, impluwensiya, ng mga bantog na tao, awtoridad, presihiyo, instinkt ng panggagaya propaganda ng kapangyarihan.

Ang istandardisasyon ay isang natural na proseso sa pag-unlad ng wika tungo sa nilalayong integrasyong sosyal, kultural at ang pulitikal ng mga bansa. Ayon kay Fishman, ang isa sa mga pinakakilalang gawaing kaugnay ng wika ay ang istandardisasyon. Kinakailangan ng istandardisasyon ng wika para makaagapay sa lalong pagkatuto ng wika.

Malinaw ang pinag-ugatan ng isinasaad sa Konstitusyon 1987, ang domestikadong pagtatakda ng kautusang pangwika na inilahad sa Artikulo IV Seksyon 6 hanggang Seksyon 9. Sa Artikulo 6 ay ganito ang isinasaad:

*Ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino.
Samantalang nililalang ay dapat pagyabungin at
pagyamanin pa salig sa umiiral na mga wika sa
Pilipinas at sa iba pang mga wika.*

Ang pagpapakahulugan dito ni Ambeth Ocampo (2010):

Hindi maikakaila na ang wikang Filipino, tulad ng Ingles ay isang buhay at daynamikong wika na humuhubog at bumabagay sa anumang kulay at anyo ng makabagong diwa sa mundo ay kaya nitong lapatan ng makatarungang pagsasalin upang maunawaan at magamit ng mga Filipino nang naaayon sa sariling katutubong karanasan. Ang pagkakaisa ng ating mga kababayan ay tunay na pinatatag ng wikang pambansa na nagsisilbing daluyan ng iba't ibang kultura, karunungan at kaisipan ng lahing Pilipino.

Nabanggit sa pahayag na ito ang kultura bilang isa sa mga daluyan ng wikang pambansa, tulad ng karunungan at kaisipan ng lahing Pilipino. Ang kultura'y kabuuan ng kaisipan o kaugalian ng isang bayan. Ito'y maaaring masalamin sa mga ginawang tradisyon ng ating mga ninuno tulad ng sinaunang pagsamba, pagliligawan, pagpapakasal, pagbuo ng pamilya at paglilibing. Walang atubiling nakalantad sa kultura ang kabihansang sinangkutsa ng mapaghamong lipunan, relihiyon, kaugalian, hanapbuhay at pamahalaan. At ito'y buong tatag at tapang na ipinangalandakan sa kasaysayan ng bansa. Ano ba ang kasaysayan? Ano-ano ang lehitimong impormasyong nakatala rito? Bakit ito'y mahalagang basahin?

Ayon kay Columbres (2013):

Sa pangkalahatan, ang kasaysayan ay ang pag-aaral ng nakaraan ng tao. Nakapaloob dito ng mga salaysay ng mga tauhang may mahalagang papel na ginagampanan o kaya ay nakasaksi sa paghubog ng isang bansa. Nakatala rin sa kasaysayan ang mga pangyayaring nagdulot ng pagbabago sa buhay ng tao at nagkaroon ng mahalagang epekto sa isang bansa. Sa pamamagitan ng kasaysayan ay natutukoy at

naipaliliwanag ang saysay ng mga pangyayari para sa isang bansa o pangkat ng tao.

Sa pag-aaral ng kasaysayan,. nalalaman ang mga impormasyon tungkol sa mga pangyayaring humubog sa isang bansa. Halimbawa, nababatid natin ang mga salaysay kaugnay ng pinagmulan ng mga Pilipino at kung paano nila hinarap ang mga hamon ng buhay.

Ito ay nakatugon din sa pagbabago ng wika ng isang sambayanan. Gayunman, ang wika ay nagbabago sa iba't ibang kadahilanan. Bukod sa kultura saklaw rin ng pagbabagong wika ang sosyal, ekonomiya, at ang sitwasyong politikal. Nakatala sa kasaysayan ang pagbabago ng wika ay naapektuhan rin ng pagsakop, kolonyalisasyon, at ang paglipat ng isang pangkat etniko sa isang lugar.

Ang wikang katutubo ay mamamalaging tanghalan ng yaman at mananatiling kalinangan ng katutubo sa habang panahon.

MOTHER TONGUE ni PAT V. VILLAFUERTE

Unang wika'y ginagamit
sa alinmang paaralan
Bawat rehiyon, bawat lungsod,
bawat lugar sa 'ting bayan;

Tawag dito nang marami'y
dayalektong natutuhan
Kaya't sa 'ming paaralan
ito'y gamit na patnubay.

Ilocano'y ginagamit
sa Region One at Region Two,
Sa Region Three'y halo-halo,
may Tagalog, Ilocano;

Capampangan ay gamit din

kaya't ako'y nalilito,
Wikang gamit halo-halo
ano na'ng gagamitin ko?

Region Four-A CALABARZON,
ang mother Tongue ay Tagalog,
Cavite, Laguna, Rizal,
Batangas , Quezon naluklok;

Region Four-B MIMAROPA
Tagalog din itong handog,
Ang Mindoro, Marinduque,
Romblon, Palawan ang sakop.

Sa NCR ay Tagalog
ginagamit na Mother Tongue,
Munisipalidad, lungsod
sa gamit di nagkukulang;
Sa barangay, munisipyo
at sa mga paaralan,
Ginagamit ay Tagalog,
kilala sa ating bayan.